

# 1

“Nonong payatot! Lampa na, payatot pa!” sigaw ng mga batang lalaki na nakikita ni Aya sa playground.

Masyado na siyang naiingayan sa mga makukulit na iyon. Binabasa pa naman niya ang paborito niyang magazine about video games. Tinitingnan niya ang bagong release na laro sa *PlayStation 1*.

Nang tuluyang mairita ay nilapitan na niya ang mga ito. Nag-ala-*Karate Kid* siya at sumigaw, “Hiyaa!” Isa-isang nag-alisan ang lahat ng mga batang tinamaan ng sipa niya.

Naiwan ang batang inaasar na payatot. Pinagmasdan niyang mabuti ang lalaki. Humihikbi ito at pupungas-pungas. Parang malnourished pero guwapo. Maganda ang mga mata nito na parang makikita ang kaloob-looban mo kapag tumitig ito.

Kumuha siya ng panyo at ibinigay iyon dito. “Huwag ka nang umiyak. Ako ang bahala sa ’yo,” nakangiting sabi niya. Ugali iyon ni Aya. Kapag may nangangailangan, tinutulungan agad niya.

Ngumiti rin ang lalaki. “Salamat, ha?” Pinunasan nito ang mukhang nabasa ng luha. “Ano’ng pangalan

mo?”

“Ako? Maria Arianna Cruz, pero puwede mo ’kong tawaging ‘Aya’.”

“Ang ganda naman ng pangalan mo. Ako si Nonong,” pakilala ng lalaki.

*Mahiyain pala ito*, naisip ni Aya. “Sige, simula ngayon magkaibigan na tayo, Nonong!” Naputol ang kanilang pag-uusap nang lumapit ang teacher nila at pinagalitan sila. Kailangan daw pumunta ang mga magulang nila lalo na ang kay Aya. Marami na raw siyang nagawang paglabag. Kung hindi raw darating ang mga magulang niya, mapipilitan silang i-suspend siya nang dalawang araw.

Pabor iyon sa kanya. Maglalaro na lang siya ng *PlayStation* sa bahay.

---

Kinabukasan, pumunta ang mga magulang nina Aya at Nonong sa school. Unang kinausap sa guidance office ang mga magulang ni Nonong, pagkatapos ay ang kay Aya.

“What’s the problem with my daughter?” tanong agad ng kanyang ina.

Alam ni Aya na galit na galit ito sa kanya. Ayaw

kasi nitong napapahiya. Ang gusto nito ay lumaki siyang *star of the social scene*. Dahil ba isang sikat na model ang ina?

“Madam, your child needs discipline. Maging teachers at mga kaklase niya ay kapwa nagrereklamo na sa kanyang mga ginagawa. Last week, mayroon siyang kaklase na binuhusan ng tubig. Nahuli rin siya ng adviser niya na natutulog sa klase. Nang tanungin namin siya, napuyat umano siya sa paglalaro ng video games. At kahapon lang, may mga kaklase siyang pinagsisipa.”

Matalim siyang tinitigan ng kanyang mama at parang alam na niya ang mangyayari pag-uwi nila. Pero kailangan niyang maging matapang. Nabuhayan siya ng loob nang hawakan siya ng kanyang ama at ngitian. Ang ngiti nito ay tila nagsasabing, *“It’s okay, Honey, basta sa susunod ay huwag mo nang uulitin.*

Paglabas ng guidance office, hindi niya inaasahan na hinihintay siya ni Nonong. Nakaupo ito sa bench at agad lumapit nang matanaw siya.

“Aya, kumusta? Ano’ng sabi ni Mrs. Alejandro?”  
Ang guidance councilor ang tinutukoy nito.

“Okay lang. Sesermonan na naman ako ni Mama,”  
himutok niya, bagaman nasa tinig ang pagwawalang-

bahala. Sanay na siyang laging pinagagalitan ng ina. Hindi natuloy ang gagawin niya sanang pagngiti nang mapansin na naging malungkot ang anyo ni Nonong. “May problema ba?”

“Wala. Naisip ko lang kasi, kung hindi dahil sa akin hindi ka mapapagalitan.”

“Okay lang iyon. Maniwala ka, sa guidance pa din ang tuloy ko kahit hindi nangyari ’yung kahapon. Huwag mo nang sisihin ang sarili mo.” She gave him a sweet smile and she saw him reply in kind. Pagkatapos ay nagpaalam na sila sa isa’t isa.

---

“You’re only eight, pero nagrerebelde ka na. Bakit ba hindi ka tumulad sa Kuya Armando mo? Mabait siya, masunurin,” litanya ng kanyang mama.

Tahimik lang na tinatanggap ni Aya ang lahat. She was thinking, hindi siya nagrerebelde at lalong hindi niya sinisira ang pangalan ng mga Cruz gaya ng paratang ng ina. Bakit ba hindi nito maunawaan ang gusto niyang gawin at ang kasiyahan niya? Ito na ang ugali niya. Iyon siya.

“Tama na, Constance,” anang kanyang ama upang tumigil na ang ina sa pagsesermon. “Alam kong may nagawang mali ang ating anak, pero sobra na

ito. Kailangan lang niya ng pangaral. Why can't you understand her?"

"I am trying to understand her! Inuunawa ko siya, but she acts like a kid living in the slums of... I don't know. She's so boyish. Ano na lang ang sasabihin ng mga amiga ko? Na hindi ko tinuturuan ng social graces ang anak ko?"

"Constance, calm down. Ako na ang kakausap sa ating anak." Iyon lang at umalis na ang kanyang ina.

Nang pagsabihan siya ng ama, inalam nito kung bakit niya nagawa ang sumbong ng mga teachers at kaklase niya. Ipinaliwanag niya lahat iyon dito. Gaya ng dati ay naintindihan siya nito. Mabini itong nagpayo. Niyakap niya ito nang mahigpit dahil pakiramdam niya ay ito lamang ang nakakaintindi sa kanya.

---

Aya and Nonong became best friends. Araw-araw halos silang magkasama. Pumupunta rin ito sa kanila minsan upang makipaglaro ng video games o kaya ay para sabay silang gumawa ng homework. Hindi na ipinapatawag si Aya sa guidance office at hindi na rin inaasar si Nonong ng mga bullies nilang kaklase.

One time, habang naglalaro sila ng *PlayStation*,

tinanong siya ni Nonong. “Aya, ano ba’ng gusto mo sa isang lalaki?” Tinitigan siya nito.

“Naku, ano ba ’yang tanong mo? Wala akong gusto sa mga lalaki. At saka hindi ko pa naiisip ’yun.” Tuloy lang siya sa paglalaro.

Ano ba ang naisip ni Nonong at itinanong nito iyon? Napakabata pa niya.

“Ganito na lang, kung bibigyan mo ’ko ng isang regalo, ano’ng ibibigay mo sa akin?”

“Ano ba ang okasyon?”

“Pag umalis ako, kung saka-sakaling aalis ako. Ano?”

Nag-isip siya, isinantabi ang paglalaro. Ano ba ang ibibigay niya? Laruan? Libro? CD? “Ang hirap kaya mag-isip. Mag-request ka na lang.”

Nakatutok siya sa monitor kaya hindi niya namalayan ang paglapit ng kaibigan. Nabitawan niya ang joystick nang maramdaman niya ang pagdampi ng labi nito sa kanyang pisngi.

Hinalikan siya ni Nonong.

Namula siya at parang nauga ang mundo niya. Hindi niya alam ang gagawin. Parang nawala ang

utak niya sa paglalaro.

“Yan ang request ko, Aya. Sige, gabi na pala. See you when I see you,” paalam nito at tumayo na. Lumabas na ito ng kanyang kuwarto.

Naiwan siyang nakatameme na parang baliw.

---

“Aya? Are you all right? Is there a problem?” tanong ng class adviser nila. Malapit nang mag-start ang klase at maaga talagang pumasok ang nasabing teacher dahil hawak nito ang first subject nila.

“Wala po, Ma’am,” pagsisinungaling niya. Iniisip niya si Nonong. Late ba ang kaibigan? Ngayon lang kasi iyon nangyari.

“I have to tell you something before we start.” Pumunta ang teacher malapit sa desk nito. “Nonong and his parents left for the States this morning. Doon na siya mag-aaral.”

Ang sabihing nagulat siya sa narinig ay totoong kulang. Kaya ba humingi ng regalo sa kanya si Nonong? Bakit hindi nito nilinaw ang tungkol sa pag-alis? Wala bang kuwenta sa lalaki ang pagkakaibigan nila? Parang tinutusok ang puso niya ngayon ng kung ano. Hindi niya napansin na tumulo na ang kanyang

*An Angel Beside Me - Joelle Madison*

---

luha. Humahagulgol na siya at pinagkukumpulan ng mga kaklase. Tumayo siya at humingi ng permiso sa kanilang adviser na pupunta sa restroom. Humarap siya sa salamin doon at tahimik na inayos ang sarili.

*Hindi na ako iiyak. Wala nang makakapagpaiyak sa akin. Pangako, hindi na ako lalapit pa sa mga lalaki. Lalung-lalo na sa 'yo, Nonong.*



## 2

*Finish what you've started.* Iyan ang motto ni Aya sa buhay. Kaya nga kahit tatlong araw na siyang hindi natutulog ay okay lang matapos lang niya ang video game na ipinare-review sa kanya ng *Spade Software Company*. Ang pahinga lang niya halos ay kapag tinatawag siya ng kalikasan o kapag gutom na siya.

*Video Game Reviewer.* Iyon ang job title ni Aya. Sinusuri niya kung may dapat i-revise sa mga video games bago ito i-release sa merkado. Kumpleto siya sa gadgets na ginagamit sa paglalaro ng video games. Mayroon siyang flat screen tv na may kasamang malalaking speakers. Para tuloy siyang nasa sinehan habang naglalaro.

Every month ay may column din siya sa isang pahayagan at sa isang sikat na animé magazine. Kahit sabihin na freelance lang ang trabaho niya at walang itong kasiguraduhan, para sa kanya ay isa itong trabahong maipagmamalaki.

Natigil siya sa paglalaro nang may mag-doorbell. Balak sana niyang *deadma*-hin ang kung sinumang nasa pinto pero sunud-sunod ang pag-press nito sa buzzer. She paused the game and hurried to the door.

Sinong tao ang iistorbo sa kanya sa ganitong oras? Alas cuatro na ng madaling araw. Nakatira siya sa isang condominium sa Makati at sigurado siyang tulog na lahat ng nasa floor nila.

Binuksan niya ang pinto at bumungad sa kanya ang isang lalaki. Natulala siya sa mukha nito. Parang itong demigod sa sobrang kaguwapuhan. He had a pair of eyes that could see through your soul. His eye color was deep like the night. Nakasuot ito ng puting sando at ternong shorts. Malinis ang gupit nito at maganda ang pangangatawan. Ang kulay ng balat nito ay tila kape na may kahalong gatas, hindi maputi pero hindi rin maitim. Napaisip tuloy si Aya kung ano ang posibleng feeling ng mayakap nito.

*Grabe! Ito ba ang epekto ng hindi ko pagtulog? Kung ilusyon lang ito, sana totoo na.*

“Miss, gumising ka nga,” putol nito sa pag-iilusyon niya. Binigyan siya nito ng matalim na tingin.

“Ah, sorry,” paumanhin niya. Iniiwas niya ang tingin. “May problema ba?”

“Meron. It’s four o’clock in the morning and I can’t sleep because of your sounds,” iritadong sagot ng lalaki. “Ang ingay-ingay,” dagdag pa nito.

“Excuse me, pero three years ko nang ginagawa

ito at ikaw pa lang ang nagreklamo. At hindi ako maingay,” giit niya.

“Siguro bingi ka na. At kung hindi mo nahahalata, ’yung ibang neighbors natin medyo malayo kaya hindi ka nila naririnig. Ako lang ang malapit sa iyo. So please minimize the volume of your sounds, so that I can have a decent sleep.” Masama ang tingin nito at parang gustong pumasok sa loob ng kanyang unit para wasakin ang pinagmumulan ng ingay.

“Sorry, but I can’t do that. I need to analyze the sounds. At kung masyadong mahina, hindi ko ito masusuri nang mabuti,” paliwanag niya. Akala siguro ng lalaking ito ay magpapasindak siya.

“Hay, kaya nga naimbento ang earphones at headphones, di ba? Use your head,” utos nito.

Hindi makapaniwala si Aya sa sinabi nito. Ano ang ibig nitong sabihin? Na hindi niya ginagamit ang coconut shell niya?

Naramdaman niya ang pangangatal ng kanyang mga kamao. Parang gustong umigkas ng isa at sapakin ang lalaki. Pero kapag ginawa niya iyon, siya ang talo. Pinakalma niya ang sarili.

“Ilang taon ka na bang nakatira dito, ha?”

“Two weeks. Bakit?”

“Eh, two weeks pa lang pala. Kung makaasta ka parang pag-aari mo itong buong condominium. And besides, I’m not accustomed to using headphones. Three years na akong nakatira dito at kung meron mang mag-a-adjust sa atin, ikaw dapat ’yun!” Pabagsak niyang isinara ang pinto kahit na nasa hamba pa ang lalaki.

Wala siyang pakialam kung tinamaan o nasaktan man ito. Mas malala pa dapat ang inabot sa kanya ng unfriendly neighbor niyang iyon.

---

Nagising si Aya sa tunog ng doorbell at naalala niya ang nangyari kaninang madaling araw. Siguro iyong kumag uli na iyon ang nang-iistorbo ngayon. Ano na naman kaya ang kasalanan niya? Hindi na niya itinuloy ang paglalaro kaninang madaling-araw dahil sa sobrang bad trip.

Bumangon siya upang tunguhin ang pinto. Tiningnan niya kung sino ang nasa labas sa pamamagitan ng peephole. Nakahinga siya nang maluwag nang makitang si Nancy lang iyon, kaklase niya noong high school at matalik niyang kaibigan.

Malayung-malayo ang ugali nila sa isa’t isa. Kung

siya ay boyish minsan, si Nancy ay masyadong pagirl. Mahaba ang buhok nito at may gandang pang-beauty queen. Samantalang siya, nunca na umabot hanggang balik at ang buhok. Lagi iyong maikli. Magkaibang-magkaiba rin sila sa istilo ng pananamit. Nancy preferred skirts and dresses, whereas Aya liked faded jeans at shirts. Pero sa kabila ng lahat ng iyon, magkasundo sila.

“Hi, Aya. Long time, no see,” bati nito, dere-derecho sa mesa. Inilapag nito ang mga dala roon. “Tuwing pumupunta ako dito, pakiramdam ko nasa warzone ako,” patungkol nito sa gulo.

Hindi na kasi siya nakakapaglinis. Hinagilap nito ang plato at inilagay roon ang dalang pagkain.

“Parang hindi ka na nasanay. Ano ba ’yang dala mo?” tanong niya. Lumapit siya sa mesa. Inamay-amoy niya ang siomai na dala nito at agad isinubo ang isa.

“Kahit kailan talaga, wala kang manners. Hindi ka man lang gumamit ng tinidor.”

“Oo na, wala na akong manners. Gutom na ‘ko at bad trip kaya huwag mo nang dagdagan,” maktol niya. Sumubo ulit siya ng siomai.

“Bakit ka naman na-badtrip?” Alam nito na

mahaba ang pisi niya.

Ikinuwento niya ang nangyari, with feelings pa.

“Eto, uminom ka muna.” Inabutan siya ni Nancy ng tubig.

“Talagang masarap siyang sapakin. ‘Pag nakasalubong ko ’yung kumag na ’yun...”

“Girl, ikaw naman kasi, eh. Gabing-gabi na, naglalaro ka pa din. Nakakaistorbo ka na talaga kung ganoon. Isa pa, para kang nagmomongha dito. Ni hindi ka man lang lumalabas sa lungga mo. Lagi ka na lang naglalaro ng mga video games. Wala ka nang social life. At lalung-lalong walang lovelife,” diin nito.

“Hindi ako...” Natigil ang sasabihin sana nang biglang mag-ring ang cellphone niya. Nag-register ang pangalan ng ina. Sinagot niya iyon kahit alam niyang sesermonan siya nito tungkol sa kanyang trabaho.

“Mama, bakit po kayo napatawag?” tanong niya.

“Akala ko hindi mo na sasagutin ang tawag ko.”

“Anything wrong, Ma?”

“Maria Arianna Cruz, is it a sin to check on my lovely daughter? Gusto ko lang kamustahin ka.”

Aya felt guilty. Siguro talagang nag-aalala lang ang ina.

“I’m fine, Ma. Hindi ko pinababayaan ang sarili ko.”

“I have a feeling that you’re starving because of your job.” Huminga ito nang malalim.

“Ma, di ba pinag-usapan na natin ito? Dito ako masaya. It pays well. Kahit sabihin na hindi normal ang trabaho ko, I get to do what I love.”

“Okay, hindi na ako makikipagtalo sa iyo. Kaya ako tumawag ay dahil sa family get together natin every second Sunday of the month. Ilang beses ka nang hindi pumupunta,” may pagtatampong sita nito.

“Ma, I’m very busy. Madami pa akong dapat tapusin.”

“Please, Aya, pagbigyan mo na ako. Besides, your father misses you. Gusto ka niyang makita, more often, if that’s possible.”

Napaisip si Aya. Madaming beses na niyang tinanggihan ang ina. Pero may tampo man dahil sa pagmamaliit nito sa kanyang trabaho, nami-miss pa rin niya ito, lalo na ang kanyang ama. Siguro nga, panahon na para maglaan ng quality time sa kanyang

pamilya.

“Okay, Ma, pupunta ako. Anong oras po ba ’yun?”

“Before lunch dapat nandito ka na. Siguradong matutuwa ang papa mo. Sige, see you this Sunday, Maria Arianna.”

“Mahaba yata ang usapan n’yo ni Tita?” komento ni Nancy. Kumakain ito buong panahong kausap niya ang ina.

“Kumain ka na lang,” aniya.



# 3

Linggo. Nasa labas pa rin ng mansion si Aya at nakatitig sa kanilang bahay. Matagal na siyang hindi umuuwi sa bahay na ito. Nasa tarangkahan pa lamang siya pero nakikita na niya ang malaking pagbabago. Pakiramdam niya ay estranghero siya sa lugar kung saan siya lumaki at nagkaisip. This was her home for more than twenty years. Nakatitig siya sa gate nang lumabas doon ang kanilang katiwala.

“Señorita Aya, nandiyan ka na pala. Pumasok ka na.” Lumapit si Nanay Elena. Pangalawang ina ang turing niya sa matanda. Ito ang takbuhan niya tuwing napapagalitan siya ng ina at wala ang ama.

“Kamusta na po kayo? Maganda pa din kayo katulad ng dati,” nakangiting sabi niya.

“Ang batang ire, magaling pa din mambola. Tara na sa loob. Nandiyan na ang kuya mo at hinihintay ka na ng iyong papa.”

Ipina-renovate umano ng ina ang kanilang bahay.

Iniwan siya ni Nanay Elena sa garden. Doon naka-set up ang tanghalian. May mahabang buffet table at mula sa kinatatayuan ay alam ni Aya na maraming

pagkain ang ipinahanda ng kanyang mama. Hindi nito nasabi na nag-imbata ito. Ang buong akala niya ay silang pamilya lamang ang magsasalo-salo.

There were three makeshift tables. Hindi kukulangin ng pitong katao sa bawat mesa, twenty lahat, hinuha niya.

*Family reunion pala, naisip ni Aya.*

Pormal ang suot ng mga dumalo habang siya mukhang tatambay sa kanto. Mabuti pa ay sa kuwarto niya muna siya tumuloy. Marami pa siyang gamit doon. Magpapaka-presentable muna siya para di mapagalitan ng ina.

“Aya!” masayang bati ng kuya niya. Kahit kailan talaga pahamak ito. Sa halip tuloy na makatakas at makalayo siya ay napilitan siyang humarap dito at sa mga kasama nito.

Naramdaman niyang lumapit ang kanyang ina at ilang amiga nito. Pero sanay na siya sa ugali ng ina para manliit pa. Nagulat siya nang may yumakap sa kanya. It was her father.

“Buti na lang at dumating ka, Aya. I really missed my little princess.”

Thank goodness at lumapit ito. Ngayon ay hindi

na siya kinakabahan. Kanina ay samu't sari ang emosyon niya dahil sa mapanuring tingin ng mga bisita.

Natawa siya dahil iyon pa rin ang tawag sa kanya ng ama: *Little Princess*.

“Papa, I’m not a princess. At malaki na ako.” Lumabi siya.

“Kahit ano’ng sabihin mo, Maria Arianna, ikaw pa din ang prinsesa namin,” sabi ng matandang lalaki. Ito lamang at ang kanyang mama ang tumatawag sa kanya sa buong pangalan. How she missed hearing her father’s voice.

“Well, since hindi naman puwedeng si Kuya ang prinsesa,” biro niya, “hindi na ako aangal. I missed you, too, Papa. Masyado akong busy kaya hindi ko na kayo nadadalaw. Pasensya na.”

“Okay lang ’yun, Anak. Basta ba mula ngayon, pag may spare time ka, huwag mong kakalimutan na dalawin kami dito.”

“Don’t worry, Papa. Promise, madalas ko na kayong bibisitahin.”

Ipinag-save siya ng kapatid ng magandang puwesto para makapananghali na. Nag-usap silang

mag-ama habang kumakain siya. Ang inang si Constance ay saglit lamang na nangumusta sa kanya at nanatili sa company ng mga kaibigan nito. Nakikita ni Aya sa mga mata ng ama ang kasiyahan para sa kanya. Ang kaligayahan nito ay ang maging maligaya ang mga anak.

“Baka hindi mo na inaalagaan ang sarili mo? Parang pumapayat ka,” puna nito.

“Papa, huwag kang mag-alala. Hindi ko kinakalimutang alagaan ang sarili ko. Malakas pa din akong kumain.”

Tumawa si Don Faustino. Na-miss niya ang tawa nito. *It suddenly feels like Christmas*, Aya thought. Noong maliit pa siya, iniisip niya na kamukha ng papa niya si *Santa Claus*. At ngayong dalaga na siya, naniniwala pa rin siya kay *Santa*. She looked at her father sideways. He was a handsome man. Kahit sixty years old na ito at puro puti na ang buhok ay mukha lang itong forty.

Naupo ang kuya niya sa tabi niya. Hindi pa rin pala ito kumakain. Apat na taon lang ang tanda nito sa kanya. He was already twenty-nine. Masasabing kamukhang-kamukha ito ng kanyang ama.

“I didn’t think you’ll come. Kaya nga n’ung

ibinalita sa akin ni Mama na pupunta ka, talagang nakipagpustahan pa ako sa mga pinsan natin. Natalo tuloy ako. Dumating ka pa kasi,” paninisi nito. Ganoon talaga ang biruan nila. “Himala, dumating ka,” patuloy nito.

“Na-harass lang ako ni Mama. Alam mo naman kung gaano kakulit iyon.” Buti na lang at malayo ang ina sa kanila, abala pa rin sa mga amiga nito.

“Kumusta ka naman? Ano’ng pinagkakaabalahan mo?” tanong ng pinsan niyang si Ringo.

“Gan’un pa rin. Trabaho. Video game reviewer ako ngayon. Karamihan ng mga nangangailangan ng serbisyo ko ay ‘yung mga international software companies. Saka nagsusulat din ako. May column ako sa *The Papyrus* at *J-POP Magazine*.”

“*J-POP Magazine*? What magazine is that?” usisa ni Andrea, isa rin nilang pinsan.

“It’s an animé magazine. Puro animé fanatics at mahihilig sa mga video games ang readers namin.”

“Ah, I see. Bakit hindi mo subukan sa ibang magazine?” curious na tanong ng babae.

Nagsimulang mabuhay ang dugo ni Aya. Gustung-gusto niyang pinag-uusapan ang tungkol

sa kanyang trabaho. Ipapaliwanag niya sa pinsan na sikat ang J-Pop culture. The same was true about their magazine.

“Kasi ma—”

“Because she has no ambition whatsoever. Twenty-five na siya pero immature pa din,” putol ng nasa likuran sa sasabihin sana niya.

Nagpanting ang tainga niya. Siya? Immature? Sa sobrang inis, hindi niya napigilang tumingin sa nagsalita. Ang magaling nilang pinsan na si Cara ang nalingunan niya. At may kasama pang *fafable* ang bruha. Nasa Pilipinas pala ang dalaga. Sa America kasi ito halos lumaki.

Na-focus ang kanyang tingin sa kasama nitong lalaki. Tinitigan niya itong mabuti. Iniisip niya kung saan niya ito posibleng nakita. Nakasuot ito ng sky blue polo shirt na branded, khaki pants at sneakers. Kahit ganoon kasimple ang suot nito, he still looked like a sportscar model. Hindi kaya sa TV ads niya ito nakita? Sa mga magazine na binabasa niya? Because she was positive, hindi niya ito na-meet sa kahit na anong cosplay o video game convention na napuntahan niya.

Hindi pa nakuntento, tuluyan pang umupo sina

Cara at ang guwapong kasama nito sa table nilang magpipinsan. Well, hindi naman niya ito masasaway na makihalubilo, right? Sayang at kanina pang umalis sa table nila ang kanyang Kuya at Papa. Wala siyang supporters.

Humarap na lang siya muli sa kanyang pagkain. Of all the girls in the world, bakit ang pinsan pa niyang si Cara ang sinamahan ng lalaking ito? Bigla siyang nakaramdam ng awa sa lalaki dahil siguradong madaming demands ang spoiled niyang pinsan. Hindi ba nito alam ang ugali ni Cara?

*What Cara wants, Cara gets*, naalala niyang laging sinasabi ng pinsan. Well, Cara obviously wanted this man.

“Cousins, I’d like to introduce my boyfriend, si Azrael Noah Palacios.”

“Please, call me ‘Noah’. Para hindi na masyadong mahaba,” pagpapakilala ng lalaki.

Nakipagkamay ito sa mga pinsan niya. Ngumiti ito nang dumako na ang tingin sa kanya. Naisip ni Aya, maraming babae ang puwedeng himatayin sa sobrang kilig dahil sa ngiti nito. Isa ba siya sa mga babaeng iyon?

Her heart was beating rapidly and it didn’t feel

normal. Pakiramdam niya ay maka-cardiac arrest siya. And those eyes of his setting on hers were making her blush. Bakit ba ganoon ito makatingin? It was as if he could see through her soul. The answer was yes. Kinikilig nga siya.

Hindi pa yata ito nangyari sa kanya, ang matulala at kiligin. Except for that night. That one innocent night when she was eight.

Nang halikan siya ni Nonong sa pisngi. But that was a long, long time ago. Binawi niya ang tingin at itinuon muli ang atensyon sa pagkain. Noon bumalik ang kuya niya at ipinakilala ulit ni Cara ang boyfriend nito.

“Are you related to Don Carlito Palacios? The owner of *Aces of Spade Companies*?” tanong ng Kuya Armand niya.

“Yes, he’s my father,” sagot ni Noah.

*Guwapo na, mayaman pa.* Natatawa na lang si Aya sa kanyang mga naiisip.

“And Noah is the owner of *Spade Software Company*. He built it without his father’s connections. So masasabi na itinayo niya ito sa sariling dugo at pawis niya,” pagmamamalagi ni Cara.



Natigilan si Aya sa narinig.

*Spade Software Company? Pero isa iyon sa mga software companies na pinagtatrabahuhan ko.*

“He is also the owner of *J-POP Magazine*, at international iyon,” dagdag pa ni Cara.

*What the—siya ang boss ko?*

Hindi makapaniwala si Aya. Ang napakayaman at napakaguwapong boyfriend ng pinsan niya na si Noah Palacios ay boss niya. Hindi siya makapagsalita kaya pinilit na lang niyang kumain.

Nang pumasok ang mga bisita para mag-tsa, nagpaiwan na lamang si Aya sa garden. Marami pa ring alagang bulaklak si Nanay Elena. May orchids, sampaguita, gumamela, yellow bell at rosas. Tumigil siya sa paglalakad nang makita ang fountain. Kasingganda pa rin iyon ng dati. Naalala niya tuloy noong mga bata pa sila ng Kuya Armando niya. Dito sila laging naglalaro at sumasali rin sa laro nila ang ama. Sa tuwing gusto niyang magpalipas ng oras at magtanggap ng pagod, dito siya pumupunta.

“Bakit nandito ka? Ayaw mo ba ng tsa?”

*Pamilyar ang boses na iyon, naisip ni Aya. Humarap siya sa nagsalita. Nagulat siya dahil hindi*

niya inaasahan na si Noah iyon.

*Eh, ikaw, nasaan ang bratinellang nobya mo?*

Sa kabila niyon ay na-excite ulit ang puso niya. Tumibok ito nang mabilis na parang bang ayaw magpaawat. Parang hindi na iyon hihinahon hangga't hindi umaalis si Noah. Sa pagkakataong ito, tila ang tibok lang ng puso niya ang kanyang naririnig. Lalo lang nagwala ang puso niya nang magsimulang maglakad si Noah palapit sa kanya.

Sa sunod niyang pagkurap ay nakita niyang lumapit ito sa fountain.

Those mere seconds felt like magic. The man looked so attractive while touching the water. She could live forever staring at his handsome face.

“Is there a problem?” tanong nito, tinitigan siya.

“Ah, w-wala. Okay lang ako.”

“Ayaw mo talagang pumasok?” Tila lumapit pa ito lalo sa kanya.

Parang naka-slow motion ang lahat. Aya shook her head, not so much as to answer the man, but because she had to do it to wake up from her daydream.

“Mas gusto ko dito. Tahimik, sariwa ang hangin at nakapagpapakalma sa pakiramdam.” Medyo nanginginig ang kanyang boses.

“Bakit? Stressed out ka ba? Sabagay, kung buong araw at gabi ka ba namang maglalaro ng video games, malamang ma-stress ka talaga. Baka nga ilang araw ka nang hindi nakakatulog.”

Nagtatanong ang tingin ni Aya sa lalaki. Malamang ay masyado nitong pinaniwalaan ang pinagsasabi ni Cara tungkol sa trabaho niya.

“Hindi ko inaasahan na magtatagpo tayo ulit dito. Akala ko sa condo lang kita makikita,” sagot nito sa piping tanong niya.

“What? Ikaw?” Naalala na niya kung bakit pamilyar ang lalaki, pati ang boses nito. *I knew it!*

“Yes, ako nga. Ang lalaking nagsabi sa iyo na gumamit ng headphones. Remember?”

*Tingnan mo nga naman ang pagkakataon. Si Kumag pala ito!* Well, now that she’s aware of all the facts, she decided na bagay ito at si Cara. Isang spoiled brat at isang lalaking arogante at pilosopo. *What a perfect combination.* Naawa-awa pa man din siya. Natawa na lang si Aya.

“Of course, I remember you. You see, dalawang tipo lang ng tao ang lagi kong naaalala,” mataray na sagot niya.

“What types exactly?” tanong nito.

“Yung mga taong may nagawang mabuti sa akin at mga taong may masamang nagawa sa akin.”

“Saan ba ako nabibilang doon?”

“Sa tingin mo, saan?”

“Siyempre doon sa mga taong may nagawang mabuti sa iyo,” walang gatol na saad nito.

“Asa ka pa! Puntahan mo na ’yung girlfriend mo. Malamang hinahanap ka na n’un,” taboy niya.

Pero hindi lang iyon ang dahilan kaya niya ito pinaalis. Masyado siyang naguguluhan sa nararamdaman. Hindi pa rin normal ang tibok ng puso niya at para bang buong katawan niya ay bibigay na sa sobrang intensity.

“Ayoko,” tila batang tanggi nito. “I like it here. Dito na lang ako. Besides, siguradong busy si Cara sa pakikipag-usap.”

Ang kulit talaga ng lalaking ito, ayaw umalis. Kung ayaw nitong umalis, siya na lang ang aalis.

“Sige, diyan ka na, mauna na ako.”

Pero bigla siyang hinawakan ni Noah sa braso. Marahan lang ang pagkakahawak nito pero sapat iyon para pigilan siya.

“Before you go, I have a business proposal for you. I’d like to discuss it with you tomorrow in my office. Alam mo naman siguro ang address?”

“Oo, alam ko. Pag-iisipan ko kung pupunta ako o hindi. Goodbye, Mr. Palacios.” Binawi niya ang braso at nagsimulang maglakad. Napahinto siya nang muli itong magsalita.

“See you tomorrow, Miss Aya Cruz.”

Hahayaan niyang mamuti ang mga mata ng mayabang na lalaking iyon sa kahihintay.

Nagpaalam na siya sa kanyang mga magulang. Ayaw man siyang pauwiin ng ama, marami pa talaga siyang kailangang asikasuhin. Nangako na lamang siya na babalik as soon as she could. And as usual, nakatanggap siya ng sermon galing sa ina dahil sa kanyang suot. Nagpaalam na rin siya sa Kuya Armando niya at kay Nanay Elena.